

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 1, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Paunawa sa Publiko: Nagbibigay ng Mga Tip ang Lungsod Kung Paano Maiiwasan ang Pagkalat ng Mga Sakit galing sa Lamok

Malalakas na pag-ulan ng taglamig, at pinagsamang mainit na panahon, ay lumilikha ng perpektong sitwasyon para mag-lahe ang mga lamok. Pinapayuhan ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod na si Dra. Anissa Davis ang mga residente na sundin ang mga sumusunod na pag-iingat upang maprotektahan ang sarili mula sa mga lamok at sakit na maaaring dalhin nito.

Ang mga lamok ay maaaring magdala ng malulubhang sakit gaya ng West Nile Virus, ecephalitis, malaria, at Zika, at maaaring magdulot ng malubhang alalahanin sa kalusugan sa publiko. Hindi nagdadala ng COVID-19 ang mga lamok.

Ano ang maaaring gawin upang protektahan ang sarili?

- Tanggalin ang lamang tubig sa mga lalagyan sa loob at sa paligid ng bahay.
- Linisin at kuskosin ang paliguan ng mga ibon at mangkok ng alagang hayop kahit isang beses sa isang linggo.
- Itapon ang tubig mula sa mga lalagyan ng halaman
- Tiyakin na ang mga palaruan na may kaugnayan sa tubig (kagaya ng mga kiddie pool, mga slide ng tubig, atbp.) ay mapanatiling malinis.
- Linisin at lagyan ng klorin ang mga swimming pool at alisin ang tubig mula sa takip ng pool.
- Limitahin ang pagtutubig ng mga damuhan at mga panlabas na halaman. Sundin ang iskedyul ng pagtutubig ng Long Beach at magtubig lamang sa Martes, Huwebes, at Sabado bago mag 9 a.m. o pagkatapos ng 4 p.m.
- Mag-install ng mga screen sa mga pintuan at bintana.

- Gumamit ng rehistradong EPA insect repellent kagaya ng DEET para maiwasan ang kagat ng lamok. Ang DEET ay ligtas para sa mga bata 2 buwan at pataas pati na rin ang mga buntis at nagpapasuso na mga ina (laging sundin ang mga direksyon)

Ang mga vector control inspection at mga programa sa abatement ng lamok ay tumatakbo pa rin sa panahon ng COVID-19 na krisis. Hinihikayat ang mga residente na mag-ulat ng mga hindi pangkaraniwang bilang ng mga pang-araw-araw na kagat ng lamok at mga napabayaang o berdeng pool sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Tumawag sa Long Beach Mosquito Hotline sa 562.570.4132.
- Mag-sumite ng ulat sa online sa www.longbeach.gov/mosquitoes.

I-ulat ang mga patay na ibon sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California sa pagtawag sa 1-877-WNV-BIRD o online sa: westnile.ca.gov.

Ang mga residente ay maaaring makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga lamok, mga daga, at mga pulgas sa pamamagitan ng pagbisita sa www.longbeach.gov/health at sa pagsunod sa Kagawaran ng Kalusugan sa Facebook, Twitter, at Instagram.

Ang mga katanungan para sa Media ay maaaring idirekta kay Judeth Luong, Acting Environmental Health Manager, Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao, 562.570.4104.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa karagdagang mga balita, larawan, video, at mga anunsyo ukol sa mga nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) and [YouTube](#).

###